# TF Tricycle binuo ni Mayor Joy sa QC

Binuo ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang Task Force Tricycle (TFT) na bubusisi sa tricycle route plan (TRP) sa lungsod.

Ito ay bilang reaksiyon ni Belmonte sa utos ng Department of Interior and Local Government (DILG) na ipagbawal ang mga tricycle sa national highways.

Sa ipinalabas na Executive Order No. 15, s. 2020 ni Belmonte, ang task force ay iba pa sa tricycle regulatory board na dati nang itinatag sa lungsod.

"The Task Force will ensure that the city abides by the DILG's directive, and will guarantee that the livelihoods of affected tricycle drivers and operators are protected, the city will be very strict about this and will only resort to the grant of exceptions by the City Council after all efforts have been exerted," pahayag ni Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na ang QC ay may 150 Tricycle Operator and Drivers Associations (TODA) at 24,756 tricycles na may franchise, at 2,237 utility service tricycles na nagseserbisyo sa may halos 150,000 residente ng lungsod.

Si Belmonte ang chairperson ng Task Force at co-chair nito ang District Director ng QC Police District at Assistant City Administrator for Operations kasama ang head ng Tricycle Regulation Division (TRD) ng QC sa ilalim ng Task Force on Transport and Traffic Management (TFTTM) bilang action officer.

Binigyang diin ni Belmonte na ang hakbang ay layong sundin ang utos ng DILG at matiyak din naman na ang hanapbuhay ay hindi maaapektuhan ng hakbang at mapapakalooban ng ayuda ng lokal na pamahalaan ang mga apektadong TODAs.

Ang task force ay magkakaroon ng schematic map na nagpapakita ng location ng terminal ng mga tricycle at mga otorisadong ruta, kikilala sa national roads sa lungsod at aalam sa national highway na maaaring magamit ng mga tricycles kung walang ibang magagamit na alternatibong ruta.

"Dapat nating tiyakin na hindi maaapektuhan ang kabuhayan ng tricycle drivers at operators na tatamaan ng kautusang ito ng DILG. Mahalagang matutukan nang husto ang kanilang kapakanan," pahayag ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*